

Mga umiiral at pinaplanong hakbangin sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng lahi

Kagawaran ng mga Serbisyo sa Impormasyon

Ang Kagawaran ng mga Serbisyo sa Impormasyon ay nakatuon sa pagbibigay ng mga serbisyo na may kalidad sa mga miyembro ng publiko na hindi inaalintana ang kanilang mga lahi at pinagmulang etniko.

- Mga umiiral na hakbangin ➤ Ginagamit ng Kagawaran ang Tsino at/o Ingles sa paglalaan ng mga serbisyo nito.
- Ang impormasyong ibinibigay ng Kagawaran sa publiko ay nasa Tsino at/o Ingles. Ang impormasyon sa website nito ay nasa kapwa Tsino at Ingles.
- Kung saan angkop at magagawa, magsasaayos ang Kagawaran ng serbisyo ng interpretasyon sa sandaling hilingin ng mga gumagamit ng serbisyo. Ang card ng pagkakakilanlan sa wika at impormasyon sa mga hotline ng serbisyo sa interpretasyon ay available sa mga counter ng serbisyo.
- Karagdagang hakbangin na gagawin ➤ Makikipagtulungan ang Kagawaran sa Komisyon ng mga Pantay na Oportunidad, ang Kawanihan ng mga Usapin sa Konstitusyon at Pangunahing Kalupaan, ang Kolehiyo ng Serbisyo Sibil at/o iba pang naayong organisasyong hindi pamahalaan upang magbigay ng pagsasanay sa kawani para sa pagpapahusay ng kanilang kamalayan sa panlahing sensitibidad, kultural na dibersidad at pag-unawa sa Ordinansa laban sa Diskriminasyon sa Lahi.
- Pagtatasa ng Hinaharap na Trabaho ➤ Nirerepaso ng Kagawaran ang mga serbisyo nito pana-panahon at gumagawa ng mga pagpapahusay kung saan kinakailangan.

Para sa mga pagtatanong na nauukol sa mga umiiral at pinaplanong hakbangin sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay G. Clement SZE, Ikalawang Kalihim ng Kagawaran sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan -

Numero ng Telepono: 2842 8777

Fax: 2522 6568

Email: hrm@isd.gov.hk

Tirahan na Padadalhan ng Koreo: Silid 708, 7/F., Gusali ng Daungan,
38 Kalsada ng Pantalan, Sentral,
Hong Kong
(Room 708, 7/F., Harbour Building,
38 Pier Road, Central, Hong Kong)